


Talaan ng Katotohanan Tungkol sa Beke

Ano ito?

Ang beke ay isang nakakahawang sakit na dulot ng isang virus. Ang beke ay karaniwang kilala sa namamagang pisngi, namamagang leeg, at mga glandula. Ang mga namamagang glandulang ito ay maaaring maging masakit. Bagama't bihira ang impeksyon ng beke, nangyayari ang mga pagsiklab sa mga komunidad na hindi nabakunahan at maaaring magkaroon ng malulubhang komplikasyon.



Paano ito kumakalat?

Ang beke ay kumakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga likido mula sa bibig o ilong ng isang taong may sakit. Ang isang taong may beke ay maaaring makapagpasa ng virus sa iba sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, pagsasalita, at pagbabahagi ng mga bagay na may laway, tulad ng mga bote ng tubig, tasa, at mga kagamitan sa pagkain. Maaaring kumalat ang beke sa iba ang isang tao bago pa man sila magsimulang magpakita ng mga palatandaan ng pagkakasakit.



Ano ang mga sintomas?

Ang beke ay karaniwang kilala sa namamagang pisngi at namamagang panga na dulot nito. Karaniwang lumilitaw ang mga sintomas 12-25 araw pagkatapos mahawa. Ang ilang mga tao ay may banayad na sintomas o wala talagang sintomas. Gayunpaman, ang iba pang mga palatandaan ay maaaring mapagkamalan bilang trangkaso, na kinabibilangan ng:

- Mataas na lagnat (104° F / 40° C)
- Pananakit ng kalamnan
- Sakit ng ulo
- Pagkapagod
- Hindi nakakaramdam ng gutom



Ang mga taong may beke ay karaniwang gumagaling sa loob ng 2 linggo. Sa mga bihirang kaso, ang beke ay maaaring magdulot ng mga problema sa paghinga at pagkawala ng pandinig sa mga batang wala pang 5 taong gulang. Kabilang sa iba pang posibleng komplikasyon ang pamamaga ng utak, lapay, mga bayag sa mga lalaki at mga obaryo sa mga babae. Ang pamamaga ng testis sa mga lalaki ay naiugnay sa pagkabaog sa kalaunan.



Paano ko mapoprotektahan ang anak ko?

Maaaring maiwasan ang beke gamit ang bakuna para sa tigas, beke, at rubella (MMR). Ang mga taong walang bakuna ay mas malamang na magkasakit ng beke.

Ang bakunang MMR ay maingat na pinag-aralan ng mga siyentipiko at ito ay ligtas at epektibo. Walang mga pag-aaral ang nakatuklas ng kaugnayan sa pagitan ng bakunang MMR at autism.

Dalawang (2) dosis ng MMR ang kailangan para sa pinakamabisang proteksyon. Ang unang dosis ay ibinibigay sa edad na 12-15 buwan, at ang pangalawang dosis ay ibinibigay sa edad na 4-6 na taon. Suriin na ang iyong anak ay napapanahong nakatanggap ng mga bakuna, dahil ang 2 dosis ng bakunang MMR ay hanggang 86% na epektibo sa pag-iwas sa beke.

Karaniwan pa rin ang beke sa ibang bahagi ng mundo at maaaring madala sa Estados Unidos (US) ng mga manlalakbay na hindi nabakunahan. Kahit na ang iyong pamilya ay hindi naglalakbay sa labas ng US, mahalaga pa rin na magpabakuna laban sa MMR.



Kailan ako dapat magtanong sa doktor?

Makipag-ugnayan sa iyong doktor kung ang iyong anak ay nagsimulang magpakita ng mga palatandaan ng beke o kung siya ay nakasalamuha ng isang taong may beke. Dahil ang beke ay maaaring magdulot ng mga komplikasyon sa lapay para sa parehong lalaki at babae, at mga obaryo sa mga babae, makipag-ugnayan kaagad sa iyong doktor kung ang iyong anak ay makaranas ng pananakit ng tiyan. Ang ibang mga impeksyon, tulad ng trangkaso, ay may mga katulad na sintomas, kaya mahalagang masuri agad.

Dahil madaling kumalat ang beke mula sa isang tao patungo sa isa pa, gagawa ang iyong doktor ng mga espesyal na kaayusan upang suriin ang iyong anak. Sa panahon ng pagsusuri, itatanong ng doktor ang tungkol sa mga sintomas at kung nabakunahan na ang iyong anak. Maaaring kumuha ang doktor ng sample ng dugo o laway upang masuri kung may beke.

Kung magkasakit ng beke ang iyong anak, manatili sa bahay upang maiwasan ang karagdagang pagkalat. Walang gamot para sa beke, ngunit maaaring pamahalaan ang mga sintomas sa bahay. Ang doktor ng iyong anak ay maaaring magrekomenda ng mga gamot at lunas upang makatulong sa paggamot ng beke.

